



Republikang Pilipino  
KAGAWARAN NG KAPALIGIRAN AT LIKAS YAMAN  
Protected Area Management Board  
Naujan Lake National Park  
Silangang Mindoro



HALAW SA KATITIKAN NG PAGPUPULONG NG  
PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD NG NAUJAN LAKE NATIONAL PARK  
NOONG MAYO 23, 2014 NA GINANAP  
SA LA FILIPINTANA HOTEL, LUMANGBAYAN,  
CALAPAN CITY, SILANGANG MINDORO

MGA DUMALO:

1. NICANOR D. SORIA SR.	-	Brgy. Matuladka, Pola
2. LUIS L. MANGUBAT	-	Brgy. Tagbakin, Pola
3. ANCIETO J. VILLAMENA	-	SR, Pola
4. MARILYN M. ALCANTERO	-	PAQ. Office-Fishery Sector
5. PEDRO B. SABAS	-	Brgy. Malibog, Victoria
6. MELY M. CATAPIANG	-	PPDO Representative
7. GREGORIO A. GEDORTES	-	Brgy. Urdaneta, Victoria
8. GERMAN A. MACALINTAL	-	Brgy. Pakyas, Victoria
9. ROSITA J. GRIVADOR	-	Brgy. San Narciso, Victoria
10. CAROLINE G. MANOLO	-	MPDC, Victoria
11. LEO G. DE VILLA	-	SR, Naujan
12. ROBERTO C. LINING	-	Brgy. Pasi I, Socorro
13. NORBERTO G. ALMENDRAS	-	Brgy. Matuhay II, Socorro
14. DANILO R. CASPE	-	Brgy. Pasi II, Socorro
15. JOSE C. MANALO	-	Brgy. Tapay, Socorro
16. HIPOLITO V. MANIBO	-	Brgy. Batocedalig, Socorro
17. ENGR. MANUEL B. DELICA	-	MPDC, Socorro
18. RICMAR B. AZUCENA	-	Livire Word College of Calapan
19. FELIX GIDA	-	Brgy. Montelago, Naujan

RESOLUSYON Blg. 3 , Serye 2014

KAPASAHAN NG HIBIGAY PAGINTULOT SA EMERGING POWER, INC. (EPI) NA  
MAIPAGPATULOT ANG KANILANG GINAGAWANG PAG-AARAL PARA SA MONTELAGO  
GEOThermal PROJECT (MGP) KASAMA ANG PAGSASAGANA NG EXPLORATORY  
DRILLING NR. GAGMIT NG TUBIG MULA SA LANA

SAPAGKT, sa pagpupulong ng PAMB noong Nobyembre 7, 2013 ay nagbigay  
ang samahan ng isang resolusyon para sa Emerging Power Inc. (EPI), ang  
Kapasyahan Blg. 9, serye ng 2013 "Resolution Allowing Emerging Power,  
Inc. (EPI) to Conduct Geo-Scientific Surveys and Environmental Impact

Assessments for its Proposed Exploration Activities Pertinent to the Development, Construction and Operation of Geothermal Modular Plants in 937 hectares of Land Located in Brgy. Montelago, Naujan, Oriental Mindoro within the Boundaries of Naujan Lake National Park (NLNP);

**SAPAGKAT**, kaakibat ng mga kondisyon nu nasabing resolusyon ang paglalahad ng maqiqing resulta ng kanilang gagawing pag-aaral;

**SAPAGKAT**, noong Marso 11, 2014 ay nag-ulat ang EPI patungkol sa kanilang ginawang pag-aaral mula Disyembre 2013 hanggang Pebrero 2014;

**SAPAGKAT**, batay sa malikom na dates ng EPI ay napag-alaman nila ang pagkakaroon ng subterranean geothermal energy resource na maaaring paggamit hilang elektrisidad sa Barangay Montelago, Naujan;

**SAPAGKAT**, ang EPI's Environmental Consultant, GAIA South, Inc. ay naqbigay ng kopya para sa ulat tungkol sa EIA sa tanqqapan ng Protected Area Superintendent noong Abril 16, 2014 alinsunod sa mga probisyon ng nasabing kapasyahan;

**SAPAGKAT**, sa katatapos na pulong ng Protected Area Management Board noong Mayo 23, 2014 ay inilahad ng EPI ang naging resulta ng kanilang ginawang pag-aaral patungkol sa EIA;

**SAPAGKAT**, batay sa pag-aaral ng Emerging Power, Inc. (EPI) ay napag-alaman na ang Barangay Montelago, Naujan ay may kakayahang mag-supply ng enerhiya sa lalawigan ng Oriental Mindoro at sa karatig lalawigan nito;

**SAPAGKAT**, ang lalawigan ng Oriental Mindoro at ang karatig lalawigan nito ay lubhang nangangailangan ng mura at renewable enerhiya na higit na makakatulong sa mga mamamayang nasasakuan at sa pagsusulong ng mga pinapangarap na kaunlaran ng lalawigan;

**SAPAGKAT**, ayon sa presentasyon at paliwanag na inilahad ng EPI, ang Montelago Geothermal Project (MGP) ay gagamit ng sustainable, responsible at makabagong teknolohiya na hindi lubhang makapipinsala sa kalikasan at nakalaang magsagawa ng mga kaukulang mitigating measures sa mga likas-yaman tulang lalo sa tubig mula sa lawa at sa mga pribadong ari-arian na maaapektuhan o masisira sa panahon ng exploratory drilling;

**SAPAGKAT**, ang Montelago Geothermal Project ay malawakang sinusupatahan, tinatangkilik at pinahibintulutan ng mga kasalukuyang namumuno sa lalawigan (Gobernador, mga sangkot na Punong-Bayan at


Nakararaming Putong-Barangay at mad. Samahan; at ang sipi ng kanilang ipinagkalook na resolusyon sa EPRI ay nakalakip sa Kapasyahang Ito;

**KUNG KAYAT**, sa kahilingan ni Punong Barangay Pedro B. Sabas ng Barangay Malabot, Victoria na pinandalewan ni SR Leo G. De Villa ng Bayan ng Naujan ay pahintulutan ang Emerging Power, Inc. (EPI) na maipagtuloy ang kanilang ginagawang pag-aari para sa Montelago Geothermal Project (MGP); kasama ang pagsasagawa ng exploratory drilling na gagamit ng tubig mula sa lawa na kung saan ang magiging resulta nito ay muling ilalahad sa Protected Area Management Board;

**IPINASAYA** rin, na biyelyang sipi ng Kapasyahang ito ang Talakipan ng DENR, Gobernador at ang aper na Bayan (Naujan, Victoria, Socorro at Pola) para sa kanilang kabantiran, pagmumuri, pag-sang ayon at pagtitibay.

**PINATUNAYAN** ang kawastuhan ng **Kapasyahang ito** ngayong Ika-23 ng Mayo, 2014 sa La Filipiniana Hotel, Lumbangbayan, Calapan City, Silangang Mindoro.

Inihanda ni:



**EDWIN G. PRESIGAN**

PASU/ PAMB, Punong Kalihim

Iniwasato ni:

  
**MELY M. CATAPANG**  
Tagapanguna

Pinagtibay ni:

**OSCAR C. DOMINGUEZ**

PAMB Chairman

Regional Executive Director